# SABADO NA NAMAN

Isang Sabado, maagang gumising si Pamela.
"Sabado na naman! Ah, tutulungan ko ang nanay sa mga gawaing bahay. Marami pa naman siyang ginagawa kapag galing sa palengke," sabi ni Pamela. Pagkakain ng almusal, naglinis mabuti ng bahay si Pamela. Mabilis niyang iniligpit ang nakakalat na mga laruan sa sala. Maingat niyang pinunasan ang mga bintana at sahig, saka siya nagwalis. Pagkatapos maglinis ay kinuha niya ang kanyang manika. Masigla siyang lumabas ng bahay.
"Halika, Rosela, maglaro na tayo!," masayang bati ni Pamela sa kanyang kaibigan.
Masayang naglaro sina Pamela at Rosela.

rinori

# LARUANG DYIP

Araw na ng Sabado. Kausap ni Romy ang kaibigang si Bert. Gusto nilang maglaro, pero pareho silang walang dalang laruan.

"Alam ko na! Gumawa tayo ng laruang dyip," naisip ni Rom.

"Paano?" tanong ni Bert.

"Ihanda muna natin ang mga takip ng bote o tansan para sa gulong. Pagkatapos, kailangan nating maghanap ng kahon ng posporo para sa katawan. Manghingi naman tayo ng kapirasong tela kay Nanay para sa upuan," paliwanag ni Rom.

"Paano kaya ito tatakbo, kahit walang baterya?" tanong ni Bert.

"E, di talian natin at hilahin," sagot ni Romy.

rinori

# LARUANG DYIP

Araw na ng Sabado. Kausap ni Romy ang kaibigang si Bert. Gusto nilang maglaro, pero pareho silang walang dalang laruan.

"Alam ko na! Gumawa tayo ng laruang dyip," naisip ni Rom.

"Paano?" tanong ni Bert.

"Ihanda muna natin ang mga takip ng bote o tansan para sa gulong. Pagkatapos, kailangan nating maghanap ng kahon ng posporo para sa katawan. Manghingi naman tayo ng kapirasong tela kay Nanay para sa upuan," paliwanag ni Rom.

"Paano kaya ito tatakbo, kahit walang baterya?" tanong ni Bert.

"E, di talian natin at hilahin," sagot ni Romy.

rinori

# BAKASYON NI HEBER

Isinama si Heber ng kanyang Tito Mar sa Rizal upang makapagbakasyon. Masayang-masaya siya dahil nakita niya sa unang pagkakataon ang Pista ng mga Higantes. Ang pistang ito ay naganap kahapon, ika-23 ng Nobyembre. Ginugunita sa pistang ito ang patron ng mga mangingisda na si San Clemente.

Pinakatampok sa pista ang matatangkad na tau-tauhang yari sa papel. Dinamitan at nilagyan ng makukulay na palamuti upang mas maging kaakit-akit sa manonood. Ang mga higante ay karaniwang may taas na apat hanggang limang talampakan o sampu hanggang labindalawang talampakan. Ang mga deboto naman ay nakasuot ng damit-mangingisda.

Hiniram ni Heber ang camera ni Tito Mar at kumuha siya ng maraming litrato. Gusto niyang ipakita ang mga litrato sa kanyang mga magulang. Ipakikita rin niya ang mga ito sa kanyang mga kaibigan at kaklase. Hinding hindi niya makalilimutan ang araw na ito.

zinozi

# ANG ASONG GUBAT

"Kaibigan, marami akong alam na hindi mo alam," pagmamalaki ng asong gubat sa pusa.

"Ang husay ko nga! Napakarami kong paraan para makalusot sa kaaway. Madali ko silang maliligaw."

"Mabuti ka pa," sagot ng pusa. "Ako, iisa lang ang alam kong paraan."

Dumating ang isang pangkat ng mga mangagaso. Mabilis na umakyat sa puno ang pusa. Ang asong gubat naman ay nag-iisip pa kung ano ang gagawin niya.

Nakarating na ang mga mangangaso ay natataranta pa sa pagtakas ang asong gubat. Nahuli tuloy siya. Hinila siya patungo sa kanyang kamatayan.

zinozi

# MAGTULUNGAN TAYO

Papasok na ng paaralan ang tatlong mag-aaral. Nakita nila ang nagkalat na mga sanga ng puno sa mahabang daan. Katatapos lang ng malakas na bagyo at di pa nalilinis ang ilang kalsada.

Pagdating sa paaralan, gayundin ang kanilang nakita. Maputik ang silid at madungis ang pader. Nagkalat ang mga dahon sa buong paligid.

"Halikayo," tawag sa kanila ng mga kaklase. "Tulungan natin si Gng. Ramos sa paglilinis."

Mabilis na kumilos ang mga mag-aaral. Tahimik silang tinitingnan ni Gng. Ramos.

"Maraming salamat mga bata. Natatapos agad ang gawain kung nagtutulungan," sabi niya.

# SI PARUPARO AT ALITAPTAP

Malungkot si Alitaptap. Tatlong araw na siyang hindi kumakain. Masakit na ang kanyang tiyan. Kahit malakas ang ulan, hinanap niya ang kaibigang si Paruparo. Hihingi siya ng tulong dito. Nabigla si Paruparo nang makita si Alitaptap. Basa at nanghihina ito. Dali-dali niya itong pinatuloy at pinakain. Niyakap niya ito pagkatapos. Mahal niya ang kaibigang si Alitaptap. "Dalhin mo itong pagkain. Sa susunod, mag-imbak ka ng pagkain. Sumama man ang panahon, di ka magugutom," payo ni Paruparo. "Tatandaan ko, kaibigan. Salamat muli," nakangiting wika ni Alitaptap. Masaya itong lumipad pauwi.

rinori

# MAGPALIPAD TAYO NG SARANGGOLA

Maganda ang panahon. Gustong maglaro ni Niko. Niyaya ni Niko na maglaro ang kakambal na si Noli. Pumunta ang kambal sa labas. May dala silang mga saranggola. Makukulay ang mga saranggola ng kambal. Pinalipad agad nila ang mga saranggola. Mataas ang lipad ng saranggola ni Niko.

Napansin ni Niko si Noli. Malungkot ang mukha ni Noli habang nakatingin kay Niko.

"Halika, tuturuan kita kung paano paliparin ang saranggola." sabi ni Niko.

Tumingin si Noli. Ipinakita ni Niko kay Noli kung paano magpalipad. Ilang saglit pa, nakangiti na si Noli.

"Salamat, Niko," wika niya.

"Maraming salamat mga bata. Natatapos agad ang gawain kung nagtutulungan," sabi niya.

rino.ri

# MALIIT NA DUHAT, MALAKING PAKWAN

Nasa likod-bahay si Pido. Pumunta siya sa silong ng punong duhat.
Sabi niya, "Ang laki ng punong ito, ang liit naman ng bunga."
Nakita rin niya sa may taniman ang halaman ng pakwan, "Ang pakwan na gumagapang lamang sa lupa, kay laki ng bunga." dagdag niyang sinabi. "Mali kaya ang pagkagawa ng Diyos?" Habang iniisip niya ang tanong sa sarili, biglang nalaglag ang isang bunga ng duhat. "Aray!" sigaw niya. "Tama pala ang Diyos. Kung kasinlaki ng pakwan ang duhat, may bukol ang ulo ko ngayon," pailing na sinabi ni Pido.

zinozi